
# Aleluya

*Manoling V. Francisco, SJ*






## Mga paliwanag:

Bago basahin ang ebanghelyo, pangungunahan ng koro ang kongregasyon sa pag-awit ng **Aleluya** nang *unison* (walang harmoniya) o sa apat na harmoniya. Pagkatapos ng pagbasa ng ebanghelyo, sasagot ang koro sa pamamagitan ng pagkanta ng **Aleluya** nang dalawang beses: una, sa apat na harmoniya, at ikalawa, ang *descant* bilang panlimang harmoniya.

Aawitin ng kantor o ng pangkat ng tenor 1 ang *descant*. (Sa gayon, nahahati ang tenor sa dalawang grupo na ang isang grupo ay aawit sa *descant*.)

Kung hindi aawit ang koro/kongregasyon pagkatapos ng pagbasa sa ebanghelyo, sapat na ang pag-awit ng **Aleluya** nang dalawang ulit (sa halip na tatlong ulit kagaya sa rekording). Maaaring awitin sa unang pagkakataon ang unison, ang ikalawa ay may magkakahalong harmoniya (kasama ang *descant*), o ang unang pagkakataon nang may apat na harmoniya, at ang ikalawa ay may *descant*.

Ang **Aleluya** ay kakantahin nang *legato*--ang pagdurugtong ng mga nota nang magkakalapit kung maaari, at ang pag-aatas ng iba't ibang lugar ng paghinga upang lumikha ng maayos na daloy ng mga nota.